
# Balitang Manmin

BILANG 115 SETYEMBRE 7, 2014


# “Magbukas ng Iglesya Kapag Matindi ang Sikat ng Araw”

## Bunga ng Pagsunod: Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Buong Bansa at Pagmimisyon sa Buong Mundo




Isang pagpapatotoo ng pananampalataya na inihandog sa pagkakatatag ng iglesya habang nag-aayuno at nananalangin sa bundok para tanggapin ang maliwanag na pag-unawa sa Biblia mula sa Diyos.

Nagpapakita ang Manmin Central Church ng maraming himala at tanda, nagkakaisa sila at tumatanggap ng mga biyaya ng Panginoon dahil sa pagpaparami nila ng bilang ng mga ligtas araw-araw. Nagpupuri ang iglesya sa Diyos at kinalulugdan sila ng lahat ng tao tulad noong panahon ng Unang Iglesya na nakasulat sa Ang Mga Gawa 2:43-47. Tinatamasa ng Manmin ang mga biyayang tulad ng ibinigay sa iglesya ng Filadelfia sa Apocalipsis 3:7-13. Ang lahat ng luwalhati at pagpapasalamat ay para sa Diyos, dahil sa ibinibigay Niyang pagpapala sa Manmin mula noon hanggang ngayong ika-32 anibersaryo ng pagbubukas nito.

Noong Hulyo 25, 1982, nagdaos ng pagsamba para sa pagbubukas ng iglesya ang Manmin sa isang santuwaryo na may sukat na 33 metrokwadrado, at mayroong 13 miyembro, kabilang na ang 4 na bata. Magmula noon, kasama ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ipinapangaral ng Manmin ang ebanghelyo ng kabanalan na may kasamanag pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa bawat sulok ng mundo. Sa kasalukuyan, nakikipagtulungan ang may 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa Manmin. Ito ay bunga ng pagsunod nila sa Salita ng Diyos.

Ang mga pag-uusig na dinanas ng Unang Iglesya sa Jerusalem ay naging dahilan para maghiwahiwalay ang mga miyembro. Naging daan ito para maipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo. Ipinasan din ng Manmin ang mga pag-uusig na niloob ng Diyos mula sa denominasyon at sa bansa dahil sa biglang pagdami ng mga miyembro sa 3,000 sa loob lang ng limang taon. Naging daan ito ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa.

Noong Hulyo 1991, itinatag ang United Holiness Church of Jesus Christ sa Korea. Noong 1992, nagkaroon ng mahalagang partisipasyon ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa mga okasyong para sa mga Cristiano sa Korea. Naging katuwang na presidente siya ng ‘Holy Spirit Explosion Crusade 1992’ at tagapamahala ng pagpupulong para sa kapayapaan at pagkakaisa para sa ika-50 anibersaryo ng Araw ng Kalayaan. Noong 1993, napili ng *Christian World*, isang magasin sa Estados Unidos, ang Manmin bilang isa sa 50 nangungunang iglesya sa buong mundo.

Dahil dumaan sa tatlong pagsubok noong taong 1998, natutunan ng Manmin kung paano tutuparin ang Batas nang may pag-ibig at naging matatag para sa paglago ng iglesya. Mula taong 2000, sa ikalawang bahagi ng muling pagsisimula, naging matatag at naisakatuparan ang layunin ng iglesya para magmisyon sa buong mundo.

Noong taong 2000, magmula ng makapagdaos ng Holy Gospel Crusade sa Uganda, na naibalita pa ng CNN, nagsagawa pa ng mga sumunod na krusada ang Manmin, sa Japan, Pakistan, Kenya, Pilipinas, Honduras, India, Russia, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, Israel, at Estonia. Natupad ng iglesya ang misyon sa buong mundo nang may pananampalataya ng pagmamartir sa kahit na anong pagdurusa tulad ng sa Pakistan, kung saan hinarangan ang lugar na pagdarausan ng krusada; sa India, kung saan gumawa ng utos na pigilan ang sapilitang pagbabalik-loob; at sa bansa ng Judaismo, ang Israel.

Magmula noong taong 2010, nang simulan ang ikatlong bahagi ng muling pagsisimula, pinagkalooban ng Diyos ang mga miyembro ng Manmin ng mabilis na paglago ng espiritu para makapasok sila sa Bagong Jerusalem sa Langit. Sa ilalim ng paggabay Niya nasunod nila ang pamantayan ng espiritu at naghahanda na para sa santuwaryo ng Canaan para tuparin ang kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon para sa kaligtasan ng 7.2 bilyong kaluluwa sa buong mundo.

Sa ika-30 anibersaryo ng pagbubukas ng iglesya, narinig ng iglesya mula sa Diyos na mayroon na namang pagbubukas at bagong pagsisimula sa buong mundo at may mangyayaring muling paglikha at lubos na pagpapanumbalik. Dahil sa pag-asang ito, masigasig ang pagtakbo ng mga miyembro ng iglesya at pinaghahandaan ang Pinakamalaking Santuwaryo kung saan sasalubong sila sa pagdating ng Panginoon.



# Ipinakita ng Baha ni Noe ang Kata

"At sinabi ng PANGINOON kay Noe, 'Ikaw at ang iyong buong sambahayan ay sumakay

Dr. Jaerock Lee,
Punong Pastor ng Manmin Central Church

Kailan lang, lumubog ang 'Sewol', isang pampublikong bapor sa Korea, daan-daang tao ang namatay. Nang marinig ko ang balitang ito, naalala ko ang daong ni Noe. Ligtas ang daong ni Noe kahit napakalakas ng alon at hangin. Ang dahilan nito ay sapagkat binuo ito ayon sa sukat na ang Diyos mismo ang nagturo.

Ang haba ng daong ni Noe ay humigit-kumulang 150 metro, 25 metro ang lapad, at 15 metro ang taas. Ang haba nito (150 metro) ay anim na beses na mas malaki kaysa sa lawak nito, at 10 beses naman kaysa sa taas. Natuklasan ng mga inhinyerong nagsanay tungkol sa mga bagay na pandagat na ang sukat na ito ay eksakto para sa pinakaligtas na malaking sasakyang pandagat.

Sa espirituwal na diwa, tinutukoy ng 'daong' ang 'Salita ng Diyos.' Mananatili tayong ligtas kahit humarap pa tayo sa kahit na anong pagdurusa kung mananahan tayo sa Salita ng Diyos tulad ni Noe at ng pamilya niya.

### 1. Sumakay kayo sa daong, ikaw at ang iyong sambahayan...

Ang malaking baha ay nagsimula sa Genesis 7. Sa Genesis 7:1, pinapasok ng Diyos si Noe at ang buong sambahayan niya sa daong bago Siya nagsimulang magpaulan. Maliwanag ang dahilan Niya kung bakit iniligtas Niya ang mga ito.

Sinabing si Noe lang ang kinilalang matuwid ng Diyos noong panahong iyon. Ang mga matuwid sa mata ng Diyos at hindi sa mata ng tao ay tatanggap ng malalaking biyaya tulad ni Noe. Tinanggap ni Noe ang biyayang kaligtasan para sa buong sambahayan niya, hindi lang para sa kanya. At ginamit siya ng Diyos bilang mahalagang instrumento para tuparin ang dakilang kalooban Niya.

May tinanggap si Noe na iba pang biyaya pagkatapos siyang kilalanin ng Diyos bilang isang taong matuwid. Nang magsimula ang Malaking Baha, tinanggal ang orihinal na liwanag ng paglikha na nakapalibot sa mundo. Gayon pa man, nabuhay pa rin si Noe sa lugar na pinapalibutan ng liwanag nito. Habang may Baha, pinalibutan ng Diyos ang daong ni Noe ng orihinal na liwanag. Ito ang dahilan kung bakit tinamasa ng lahat ng tao at hayop na nasa loob ng daong ang espesyal na proteksyon Niya.

Sa Genesis 7:2-3, sinabi ng Diyos kay Noe kung ano at ilang mga hayop ang dapat niyang dalhin sa daong. Sinabi Niya, "Kumuha ka ng tigpipito sa bawat malinis na hayop, lalaki at babae; at dalawa sa mga hayop na hindi malilinis, lalaki at babae. Kumuha ka ng tigpipito sa mga ibon sa himpapawid, lalaki at babae; upang panatilihing buhay ang kanilang uri sa ibabaw ng lupa."

Sa Genesis 6:19-12, sinabi ng Diyos na magdala ng tigdadalawa ng bawat nabubuhay sa lahat ng laman sa loob ng daong, lalaki at babae dapat. Ito ay para manatili ang kanilang uri. Ang mga hayop na pinili ng Diyos na manatiling buhay ay dinala sa loob ng daong ng orihinal na tinig na kilala nila. Gayon pa man, sa Genesis 7:2-3, sinabi ng Diyos kay Noe na magsama siya ng tigpipito ng ilang mga hayop, lalaki at babae, o kaya tig-dalawa, isang lalaki at isang babae.

Pansinin natin ang katotohanang pinapili ng Diyos si Noe ng malilinis at hindi malilinis na hayop para isama sa daong. Ipinapahayag nito na sisimulan muli ng Diyos ang pangangalaga ng sangkatauhan sa pamamagitan ni Noe. At higit pa dito, ipinapakita Niya sa atin na kung magiging tunay na anak ng Diyos ang isang tao tulad ni Noe, maaari niyang pamunuan ang lahat ng bagay.

### 2. 'Pagkaraan ng pitong araw' – simbulo ng pag-ibig ng Diyos na siyang katuparan ng katarungan Niya

Sa Genesis 7:4, sinabi ng Diyos kay Noe, "Sapagkat pagkaraan ng pitong araw, magpapaulan Ako sa ibabaw ng lupa ng apatnapung araw at apatnapung gabi. Aking pupuksain ang lahat ng may buhay na Aking nilikha sa balat ng lupa."

Ibig sabihin, magaganap ang paghatol ng baha pagkaraan ng pitong araw. Pwede rin namang ang kahulugan nito ay may natitira pang pitong araw bago ang paghatol.

Bago ang paghatol ng baha, nagbigay ang Diyos Ama ng maraming pagkakataon sa mga tao para magsisi. Gayon pa man, hindi nila tinalikuran ang kanilang mga kasalanan at kasamaan. Sa bandang huli, humarap sila sa paghatol ng baha. Lumampas sila sa hangganan, hindi na babawiin ng Diyos ang paghatol.

Pero, hindi rin agad hinatulan ng Diyos ang mundo. Nagbigay ulit Siya ng 'pitong araw' pa, sinisimbulo ng bilang na 7 ang pagiging perpekto. Ang wastong katarungan ng Diyos ay makikita dito. Bakit ito ang katarungan Niya?

Ang huling 7 araw na palugit ay para sa mga naghahangad na magbalik-loob at sumakay sa daong ng kaligtasan. Kung wala pa ring kukuha ng pagkakataong ito na ibinibigay ng Diyos, hindi Siya pwedeng sisihin ng kahit na sino.

Sa loob ng '7 araw', siniyasat ng Diyos ang maraming bagay para hindi Niya malabag ang batas ng katarungan bago Siya humatol sa pamamagitan ng baha. Sinuri Niyang mabuti at mahigpit na tiningnan ang lahat ng bagay.

Ngayon, sinasabi ng Genesis 7:5, "At ginawa ni Noe ang ayon sa lahat ng iniutos sa kanya ng PANGINOON." Ibig sabihin, walang mali sa ginawa ni Noe para sa preparasyon ng paghatol ng baha.

Sinasabi sa Ezekiel 18:23, "'Mayroon ba akong anumang kasiyahan sa kamatayan ng masama,' sabi ng Panginoong DIYOS; at hindi ba mabuti na siya'y humiwalay sa kanyang lakad at mabuhay?" Ito ang kalooban ng Diyos. Kaya nagsiyasat Siya para magligtas ng isa pang kaluluwa at nagbigay ng mga pagkakataon sa mga tao para magsisi hanggang sa huling sandali kahit naipon na ang mga kasalanan at kasamaan ng mga tao. Wala Siyang magagawa kundi hatulan ang mga ito.

Nang hatulan Niya ang Sodoma at Gomorra, Siya mismo ay nagpadala ng mga arkanghel para suriin ang mga nasabing lunsod. At kahit na sa napakahalaga at apurahang sitwasyon, ipinagpaliban pa Niya ang paghatol para iligtas si Lot at ang pamilya nito. Ganito rin ang nangyari nang hatulan Niya ang lunsod ng Ninive. Ang Ninive ang pangunahing lunsod ng Assyria. Kalaban ng Assyria ang Israel. Dahil sa kasamaan nila, dapat wasakin ng Diyos ang lunsod.

Gayon pa man, nagbigay na naman ang Diyos sa mga mamamayan ng Ninive ng pagkakataong magsisi. Ipinadala Niya ang Propetang si Jonas para sabihin sa kanila, "Apatnapung araw pa at ang Ninive ay mawawasak!" Kasabay ng pagpapahayag ng paghatol, binigyan pa sila ng palugit ng Diyos na '40 days.' Ibig sabihin, binigyan sila ng pagkakataong talikuran ang kasamaan nila; isang huling pagkakataon para maiwasan ang pagkawasak at para mabuhay.

Kaya walang makakapagsabing, "Hindi

*Sinabi ng Diyos kay Noe na magdala ng tigalawang klase ng bawat bagay na may buhay sa loob ng daong, ito ay para magpatuloy ang kanilang buhay. At sinabi rin Niya kay Noe na magdala ng ilang mga hayop ng tigpipito, lalaki at babae, o tigalawa, lalaki at babae.*

*Tandaan natin ang katotohanang niloob ng Diyos na pumili si Noe ng malilinis at hindi malilinis na hayop para dalhin sa loob ng daong.*

*Ipinapakita nito ang kalooban ng Diyos na magsimulang muli ng pangangalaga ng sangkatauhan sa pamamagitan ni Noe.*

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee   Punong Patnugot: Geumsun Vin

# arungan at Pag-ibig ng Diyos

sa daong sapagkat nakita Kong ikaw lamang ang matuwid sa harap Ko sa lahing ito'" (Genesis 7:1).

ako binigyan ng pagkakataong makapagsisi. Wala akong oras para talikuran ang mga kasalanan at kasamaan ko." Walang pwedeng magreklamo laban sa Diyos. Mabuti na lang, tinanggap ng mga mamamayan ng Ninive ang huling pagkakataon na ibinigay ng Diyos sa kanila. Kasama ng Hari, nag-ayuno at nagsisi ang lahat ng maharlika at mga mamamayan. Nagpalabas ng utos ang hari na huwag kakain o iinom ang bakahan o kawan. Pagkatapos, nagbago ang isip ng Diyos tungkol sa paghatol, hindi Siya nagdala ng kapahamakan sa kanila.

Sa pamamagitan ng perpektong katarungan at pag-ibig, ang Diyos ay humahatol o pumipigil sa paghatol na ipinahayag Niya. Ang pitong araw na palugit na ibinigay Niya bago ang paghatol ng baha ni Noe ay pagpapakita ng pag-ibig para maging perpekto ang paghatol Niya. Ito ay nagmumula sa habag ng Diyos na magliligtas ng kahit isa pang kaluluwa kung hahangarin nitong pumasok sa daong ng kaligtasan.

### 3. Kung anong nangyari noong panahon ni Noe, ganoon din ang mangyayari sa panahon ng Anak ng Tao

Mayroong isang mahalagang punto dito. Ito ay, pinapasok ng Diyos si Noe at ang pamilya nito at ang mga piniling mga hayop sa loob ng daong pitong araw bago dumating ang baha. Pagkatapos, sinarado Niya ang pintuan. Sa loob ng pitong araw, hindi na maipangaral ni Noe sa mundo na malapit ng dumating ang paghatol ng baha.

Bakit hindi niloob ng Diyos na makapagbabala si Noe sa mga tao tungkol sa paghatol pero nagbigay sa kanila ng pitong araw na palugit? Bakit ipinasara ng Diyos kay Noe ang pintuan ng daong sa halip na iwanang nakabukas hanggang sa huling sandali?

Ang paghatol ng baha ni Noe ay nagsisilbing halimbawa ng kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan. Sa Lucas 17:26-27, sinabi ni Jesus, "At kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ay gayundin naman ang mangyayari sa mga araw ng Anak ng Tao. Sila'y kumakain at umiinom, nag-aasawa at sila'y pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe at dumating ang baha, at nilipol silang lahat." Nang malaman ni Noe na magkakaroon ng paghatol ng baha, masigasig na nagbabala si Noe sa mga tao. Pero hindi siya pinakinggan ng mga ito; sa halip, ininsulto at pinagtawanan siya ng mga ito.

Sa 'panahon ng Anak ng Tao', kapag babalik na ang Panginoon, ganito rin ang mangyayari. Masigasig na magbababala ang Diyos na malapit na ang oras sa pamamagitan ng mga lingkod Niya at mga manggagawa. Ang mga makikinig sa Kanya, tatangapin ang Panginoon, at magsisisi sa mga kasalanan ay maliligtas.

Gayon pa man, napakaraming tao ang nakababad sa kasalanan ng sanlibutan, ni hindi sila magtatangkang makinig ng ebanghelyo; magagalit pa sila. Ang dahilan nito ay sapagkat ang puwersa ng anti-Cristo ay mas malakas sa pagtatapos ng panahon. Kapag dumating ang oras, babalik ang Panginoon sa papawirin, at ang mga mananampalataya ay 'aagawin' at papasok sila sa Pitong-taong Handaan ng Kasalan. Samantala, magaganap ang Pitong-taong Malaking Kapighatian dito sa mundo. Ang mga maiiwan dito sa mundo ay ang mga ni hindi naniwala sa Panginoon, o ang mga may pananampalatayang kulang, hindi karapat-dapat sa kaligtasan.

Kahit sa mga taong katulad nito, maaaring may magising kapag nakita nila ang 'Pag-agaw'. Mauunawaan nilang totoo ang nakasulat sa Biblia at makikita nilang may Langit at Impiyerno. Para maligtas sila at makarating sa Langit, dapat nilang panatilihin ang pananampalataya nila kay Jesu-Cristo kahit na ano pang pagpapahirap o pagbabanta ang pagdaanan nila. Dahil binawi na ang Banal na Espiritu, dapat nilang panatilihin ang pananampalataya nang walang tulong.

Dahil batid ng Diyos na may maliligtas kahit sa paraang ito, niloob ng Diyos ang panahon ng Pitong-taong Malaking Kapighatian. Ito ay para magkaroon ng huling pagkakataon ang mga hindi naligtas sa ilalim ng katarungan.

Pareho ang kahulugan ng pitong araw na palugit bago ang paghatol ng baha at ng 'Pitong-taong Malaking Kapighatian.' Pitong araw bago maganap ang paghatol ng baha, pumasok sa daong si Noe at ang kanyang pamilya, katulad ito ng mga ligtas na anak ng Diyos na papasok sa Pitong-taong Handaan ng Kasalan. At kung mayroong 'naninimot ng kaligtasan' habang nagaganap ang 'Pitong-taong Malaking Kapighatian, pwede ring magbukas ang pintuan ng daong sa kahit na sinong kakatok hanggang sa dumating ang baha kahit nakasarado na ito.

Gayon pa man, sa dinami-dami ng tao, walang ni isang nagsisi at pumunta sa daong. Ganito rin ang mangyayari sa Pitong-taong Malaking Kapighatian. Sa simula, maraming magsisisi. Pero habang humaharap sa matinding pag-uusig ang mga mananampalataya, susuko at itatakwil o tatalikuran nila ang pangako nila kay Cristo. Ikakaila nila ito. Mahirap makakita ng nagpapanatili ng kanilang pananampalataya at marating ang kaligtasan. Ang paghatol ng baha ni Noe ay katulad ng pagtatapos ng pangangalaga ng sangkatauhan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinasabi sa Mga Hebreo 11:7, "Sa pananampalataya si Noe, ng mabigyan ng Diyos ng babala tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, ay pinakinggan ang babala at gumawa ng isang daong para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan. Sa pamamagitan nito ay hinatulan Niya ang sanlibutan, at siya'y naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya." Nakinig kay Noe ang pamilya niya, sumama sila sa kanya; ang lahat ng ito ay pagpapakita ng pananampalataya. At ang pananampalatayang ito ang naging daan ng kaligtasan ni Noe at ng kanyang pamilya.

Kung may isang taong hindi kabilang sa pamilya ni Noe pero naniwala sa sinabi nito, at sinubukang pumasok sa daong, pipigilan ba siya ng Diyos? Hindi nagtakda ng iilang tao ang Diyos para maligtas. Masigasig na nangaral si Noe, pero mas minahal ng mga tao ang sanlibutan, hindi sila nakinig kay Noe, hindi nila pinansin ang ipinapahayag niya. Paghatol at pagkawasak ang resulta ng hindi nila pagtitiwala.

Ganito rin ang mangyayari sa kasalukuyan. Maraming nangangaral ng ebanghelyo, pero kakaunti ang naniniwala at sumusunod. May ilang nagsisimba, pero kamunduhan ang nasa kalooban. Sinasabi nilang naniniwala sila, pero minamahal at tinatangkilik nila ang sanlibutan; wala silang kaibahan sa mga hindi pumasok sa daong. Makakapasok tayo sa daong kung mayroon tayong tunay na pananampalataya na karapat-dapat sa kaligtasan, ibig sabihin, isinasabuhay ang Salita ng Diyos at umiiwas o lumalayo sa kamunduhan.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na makapasok nawa kayo sa daong ng kaligtasan at tumungo sa walang hanggang kaharian ng langit.

**Patotoo**

## "Ginising ang Israel ng Ebanghelyo ng Kabanalan at ng Pagkilos ng Espiritu"

Pastor Eliav Levin
(Spirit of Life Church, Bet Shan, Israel)

Ako ay isang Judio, ipinanganak ako sa Ukraine.

Mula noong 16 taong gulang pa lang ako, miyembro na ako ng Mafia – isang klase ng samahan na gumagawa ng krimen, isang sindikato. Pero noong taong 2000, noong 20 taong gulang na ako, nakilala ko ang Panginoon at lubos ang pagbabago ng buhay ko. Huminto ako sa pag-inom ng alak, at nagsulong ng masigasig na buhay bilang mananampalataya. Nang sumunod na taon, lumipat ako sa tahanan ng pamilya ko sa Israel. Dahil nakita nila ang pagbabago sa buhay ko, lahat sila ay tumanggap sa Panginoon.



Habang dumadalo ako sa Spirit of Life Church sa Nazaret, Israel (Pastor Sergey Vocharnikov), naging pastor ako, naglingkod ako bilang katuwang na pastor sa iglesya. Samantala, noong Oktubre 2004, pinagpala ako dahil nakadalo ako sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Germany. Nadama ko ang espesyal na pag-ibig at pagpapala ng Diyos.

Ipinahayag ni Dr. Lee ang 'Diyos na Manlilikha', 'Ang mga Dahilan Kung Bakit si Jesus ang Ating Tanging Tagapagligtas', at 'Kapangyarihan ng Banal na Espiritu' sa krusadang dinaluhan ng pinakamaraming tao sa kasaysayan ng Cristianismo sa Germany. Nagising ang espiritu ko sa mga mensahe niyang puno ng buhay, umapaw ang kagalakan at kaligayahan ko. Pagkatapos, idinalangin niya ang mga may sakit. Nasaksihan kong nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, nakapagsalita ang mga pipi, nakapaglakad ang mga nahihirapang maglakad ng walang silyang may gulong at saklay. Namangha ako sa pagkilos ng Diyos.

Lalo akong naghangad na madagdagan ang nalalaman tungkol kay Dr. Lee, gusto kong makadalo sa kahit anong krusada niya. Samantala, nabalitaan ko ang magandang balita na magmiministeryo siya sa Israel sa loob ng tatlong taon, sa Hulyo 2007 ang simula nito.

Dinaluhan ko ang bawat pulong na pinamunuan ni Dr. Lee sa buong Israel. Naantig ang damdamin ko sa kanyang perpektong pananampalataya at maalab na pagmamahal para sa mga kaluluwa. Nakita kong gumaling ang alta presyon at sakit ng ulong hindi gumagaling ng lola ko, sa pinakaunang pulong niya sa Israel.

Ang ministeryo niya ang naging tulay para magkaisa ang mga pastor sa Israel. Gumawa kami ng grupo at tinawag namin itong Crystal Forum, buong lakas ang ibinibigay namin sa ministeryong ito sa ilalim ng walang pasubaling suporta ni Dr. Lee. Malaki ang impluwensya ng krusada ng pagkakaisa ni Dr. Lee sa muling pagsigla ng mga Judiong naniniwalang si Jesus ang Mesyas. Idinaos ito sa ICC, Jerusalem, ang sentro ng Israel.

Nagpapastor ako sa Spirit of Life Church sa Bet Shan, isang lugar kung saan maraming nakatirang Judiong naniniwala sa mga lumang kaugalian at katuruan. Gusto kong dalhin ng iglesya sa kanila ang pag-ibig ng Panginoon at magbigay ng kaliwanagan. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos na gumising sa Israel sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan at mga makapangyarihang pagkilos.

{ Batid ng Manmin Central Church ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon sa lahat ng tao sa lahat ng bansa. Para maligtas sila at makasama ang Panginoon sa pagbabalik Niya, ipinapangaral ng iglesya ang ebanghelyong may limang bahagi sa bawat sulok ng mundo. Binigyan ng Diyos ng dakilang pangitain ang iglesya nang ito ay magbukas, kaya patuloy ang pananalangin ng mga miyembro at ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para tuparin ito ng may pananampalataya. Sa kasalukuyan, marami na silang paraan para isagawa ang kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon tulad ng mga libro, mga balita tungkol sa simbahan at gawain, at pagbobrodkast. }

# Isa Pang Pagkakataon, Bagong Simulain: Pagsulong sa Buong Mundo

## GCN (Global Christian Network)

Ang GCN ay isang istasyon ng TV na ang layunin ay ipangaral ang ebanghelyo. Nagbobrodkast ito sa 170 mga bansa. Sa loob ng 24 oras bawat araw, nagpapalabas dito ng iba't ibang programa tungkol sa salita ng buhay, mga makapangyarihang pagkilos na nagpapatunay ng mga nakasulat sa Biblia, mga panalangin at papuring nagbibigay ng kaluguran sa Diyos, mga personal na patotoo, at mga programang pang-edukasyon.

Patuloy na nararanasan ng maraming manonood ng GCN ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee at mga panalangin para sa maysakit, marami din ang tumatanggap kay Jesu-Cristo, at naniniwalang may Langit at Impiyerno.

Tumanggap si Dr. Jaerock Lee ng pangitain (bisyon) para sa isang ministeryo ng pagbobrodkast sa buong mundo bilang preparasyon sa pagwawakas ng panahon. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sinimulan niya ang GCN na hindi alintana ang kakulangan sa pondo at mga tauhang propesyonal.

Noong Setyembre 1, 2005, nagbrodkast ng mga programa ng GCN ang istasyon na nasa Empire State Building sa Estados Unidos. Noong Oktubre 10, ng taon ding iyon, opisyal na ang pagsisimula nito. Umaabot na ngayon ang istasyon sa buong mundo sa pamamagitan ng mga istasyong pampubliko at cable, satellite at pakikipagtulungan sa ibang istasyon ng TV tulad ng TBN Russia, Enlace, CNL TV, at HolyGod TV. Pwede rin itong panoorin sa internet (www.gcntv.org) at 'smart tech-gadgets sa cellphone (m.gcntv.org).

## Urim Books

Nakapaglathala na ang Urim Books ng mahigit sa 90 libro na sinulat ni Dr. Lee sa wikang Koreano at mahigit sa 300 na naisalin sa 57 wika (www.urimbooks.com). Ang mga librong ito ay nagsisilbing gabay sa espiritu ng maraming pastor at mananampalataya sa buong mundo. Nakatulong ito sa mga mambabasa para madama ang malalim na pagmamahal ng Diyos, lumago ang pananampalataya, magkaroon ng pag-asa para sa Langit, at magbago sa tulong ng Banal na Espiritu.

Sa simula pa lang, hiniling na ni Dr. Jaerock Lee sa Diyos na maipaliwanag ang 66 aklat ng Biblia. Dumaan siya sa hindi mabilang na pag-aayuno at maalab na pananalangin. Nakapag-ipon siya ng napakamahalagang mga mensaheng punung-puno ng buhay, mga gabay sa pag-aaral, mga personal na patotoo, mga artikulo, at essays para gawing libro at ipalabas sa telebisyon.

Inilathala ang mga libro niya ng maraming tagapaglimbag tulad ng US Charisma Media, Evangelista Media sa Italia, Grace Publishing House sa Taiwan, at ipinapakalat sa buong mundo sa pamamagitan ng amazon.com sa Estados Unidos, New and Best sa Ukraine, Antoine Bookstore sa Lebanon, at iba pa. Mayroong 315 'electronic books' na isinalin sa 47 wika sa amazon.com, iBookstore, at Google Play Bookstore.




## Komite ng Sining

Ang magagandang awiting papuri at mga sayaw ng Komite ng Sining ng Manmin ay nagbibigay ng makalangit na mabangong samyo sa mga pagsamba, mga krusada sa ibang bansa, mga seminar para sa mga pastor, at mga krusadang may panyong nakakapagpagaling. Bukod-tangi at naiiba ito sa mga makamundong pagtatanghal.

Mas bumango pa ang samyo ng handog ng komite noong taong 2009 dahil ang Diyos mismo ang nagsimulang magbigay ng mga awitin. Tinawag itong 'Manmin Praise' (Deuteronomio 31:19, 22). Nagdadala ito ngayon ng malaking pagpapala sa mga mananampalataya at nagdadagdag ng kasiyahan dahil napapabanal nito ang mga puso para mahalin ang Diyos at nagbibigay ng kahusayan sa pagpupuri sa Kanya.

May limang choir ang Komite ng Sining (Immanuel, Shalom, Nazareth, White Stone, at Golden Light Choirs). Ang Nissi Orchestra ng komite ay ang pinakaunang orchestra sa buong mundo na nagpapakadalubhasa sa mga papuri. Ang komite ay mayroon ding 25 grupo ng mga mang-aawit at mananayaw tulad ng Heavenly Voice Chorus, Heavenly Dance Team, Power Worship Team, Sound of Light Chorus, Crystal Singers, Serem Korean Traditional Music Team, at Brass Ensemble. May mga soloista ding miyembro ang komite.

Nakapaglabas na ang komite ng limang Manmin Album sa ilalim ng titulong 'Shepherd's Heart', 'Devotion', 'Heaven', 'Hope', at 'Space'.

## WCDN (World Christian Doctors Network)

Ipinapahayag ng samahan ng mga Cristianong doktor (WCDN, www.wcdn.org) na ang Diyos ay buhay at ang Biblia ay totoo sa pamamagitan ng pagpapatunay ng maraming banal na pagpapagaling. Mayroon silang mga impormasyong batay sa medisina.

Bawat taon, nagdaraos sila ng kumperensyang pandaigdigan sa ilalim ng paksang 'Spirituality and Medicine' (Kabanalan at Medisina). Nakapagdaos na sila sa Estados Unidos, India, Australia, Pilipinas, Italy, Norway, Mexico, at Bulgaria. Ginising at pinukaw nito ang mga taong nakapag-aral o mga dalubhasa.

Sa kasalukuyan, kakaunti na ang naghahangad at naniniwala sa Diyos, kahit ang mga mananampalataya ay nawawalan ng pananampalataya. Nakadama ng kalungkutan si Dr. Jaerock Lee para sa henerasyong ito kaya noong Pebrero 2004, itinatag niya ang WCDN. Ang layunin nito ay para magsilbing gabay sa hindi mabilang na tao patungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapatunay na ang Biblia ay totoo. May kalakip itong impormasyon batay sa medisina.

Sa taong 2014, ika-10 taon ng WCDN, mayroon na itong 19 sangay na tanggapan sa buong mundo, kabilang dito ang Estados Unidos, Russia, at Israel. Pinag-uugnay nito ang mga Cristianong doktor at iba pang mga propesyunal sa buong mundo sa pamamagitan ng mga sangay nito. Nagsisilbing gabay din ang mga ito sa hindi mabilang na mga tao patungo sa kaligtasan.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714